



CENTRAL MINDANAO UNIVERSITY
UNIVERSITY TOWN, MUSUAN, MARAMAG, BUKIDNON, PHILIPPINES

FREEDOM OF INFORMATION (FOI)

Ahensiya : **Central Mindanao University**

Pinuno ng Ahensiya : **Dr. Rolito G. Eballe**

Tungkulin: **University President**

Address : **University Town, Musuan, Maramag, Bukidnon**

FOI Decision Maker : **Atty. James M. Violon**

FOI Receiving Officer : **Atty. Gretel J. Timario**

Opisina : **Office of the Legal Counsel**

Numero ng Pakikipag-ugnayan : **09177070321**

E-mail Address : **cmulegal@cmu.edu.ph**

PARAAN NG PAGHAHING

PARAANG ELEKTRONIKO

1. BISITAHIN ANG CMU WEBSITE AT I-CLICK ANG FOI ICON UPANG MA-REDIRECT SA FOI PORTAL.
2. I-DOWNLOAD AT PUNAN ANG FORM NG KAHILINGAN PARA SA IMPORMASYON (REQUEST FOR INFORMATION FORM) AT IPADALA ITO SA CMULEGAL@CMU.EDU.PH KASAMA ANG ISANG BALIDONG IDENTIFICATION CARD PARA SA LAYUNIN NG BERIPIKASYON.
3. SUSURIIN NG RECEIVING OFFICER ANG KAHILINGAN AT MAGBIBIGAY NG ANUMANG NARARAPAT NA TULONG O IMPORMASYON UPANG MAKASUNOD SA MGA KINAKAILANGAN NG CMU ALINSUNOD SA FOI MANUAL.
4. ANG UNIBERSIDAD, SA PAMAMAGITAN NG FOI DECISION MAKER, AY KARAGDAGANG SUSURI SA KAHILINGAN. ANG HUMIHILING (REQUESTING PARTY) AY IPAGBIBIGAY-ALAM TUNGKOL SA DESISYON SA LOOB NG 15 ARAW NG TRABAHO.
5. KUNG ANG KAHILINGAN AY NAAPRUBAHAN, IHAHANDA NG UNIBERSIDAD ANG IMPORMASYON PARA SA PAGPAPALABAS AYON SA NINANAIS NA FORMAT GAMIT ANG EMAIL ADDRESS NA IBINIGAY NG HUMIHILING.

KARANIWANG PARAAN

1. KUMUHA AT PUNAN ANG FORM NG KAHILINGAN PARA SA IMPORMASYON (REQUEST FOR INFORMATION FORM) NA MAAARING MAKUHA MULA SA OFFICE OF THE LEGAL COUNSEL.
2. IPASA ANG NAKUMPLETONG FORM SA LEGAL OFFICE. ITO AY TATANGGAPIN AT SUSURIIN NG RECEIVING OFFICER.
3. ANG UNIBERSIDAD, SA PAMAMAGITAN NG FOI DECISION MAKER, AY KARAGDAGANG SUSURI SA KAHILINGAN. ANG HUMIHILING AY IPAGBIBIGAY-ALAM TUNGKOL SA DESISYON SA LOOB NG 15 ARAW NG TRABAHO.
4. KUNG ANG KAHILINGAN AY NAAPRUBAHAN, IHAHANDA NG UNIBERSIDAD ANG IMPORMASYON PARA SA PAGPAPALABAS AYON SA NINANAIS NA FORMAT NG HUMIHILING.



HINDI NASIYAHAN SA TUGON NG FOI?

KUNG ANG HUMIHILING AY HINDI NASIYAHAN SA TUGON NG UNIBERSIDAD, MAAARI SIYANG HUMILING NA MAGSAGAWA NG INTERNAL NA PAGSUSURI SA TUGON SA PAMAMAGITAN NG LIHAM NA NAKA-ADDRESS SA PANGULO NG UNIBERSIDAD AT IPADALA SA CMU1910OP@CMU.EDU.PH.

ANG KAHILINGAN PARA SA PAGSUSURI AY DAPAT MAGPALIWANAG KUNG BAKIT HINDI NASIYAHAN ANG HUMIHILING SA TUGON AT DAPAT ISUMITE SA LOOB NG 15 KALENDARYONG ARAW MULA SA PAGTANGGAP NG DESISYON TUNGKOL SA KAHILINGAN.

TATAPUSIN NG UNIBERSIDAD ANG PAGSUSURI AT IPAGBIBIGAY-ALAM ANG RESULTA SA HUMIHILING SA LOOB NG 30 KALENDARYONG ARAW MULA SA PAGTANGGAP NG KAHILINGAN PARA SA PAGSUSURI.